Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Sta. Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-23 NG PEBRERO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. NARCISO O. INFANTE .......... PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Heidi S. Ciriaco ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Celestino D. Pamatmat ....... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Miguel M. Asinas ............ Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 047-T'98

KAPASIYAHANG SINUSUSUGAN ANG SEKSIYON 4, ARTIKULO IV NG KAUTUSANG BAYAN BLG. 8-T'92 TUNGKOL SA PAGTATAKDA NG HALAGA NG PASAHE PARA SA MGA SASAKYANG TRAYSIKEL NA DE-MOTOR.

SAPAGKA'T, binigyang-pansin ng pamahalaang bayan ang pagdaragdag sa halaga ng pasahe para sa mga sasakyang traysikel na de-motor sanhi ng pagtaas ng mga bilihin;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Celestino D. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na susugan ang Sek. 4-Artikulo IV ng Kautusang Bayan Blg. 8-T'92 tulad ng mga sumusunod:

"ARTIKULO IV, SEK. 4 - Ipinag-uutos na ang halaga ng pamasahe sa kabayanan na sisingilin ay .............................. P 2.00 lamang

at gawing:

Ipinag-uutos na ang halaga ng pamasahe sa kabayanan na sisingilin ay ...................... P 3.00 at dagdag na halagang P0.50 bawa't isang kilometro.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, TRIDOFED, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 047-T'98)

-02-

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

NARCISO O. INFANTE 3/4/98
~~Pang. Punong~~ Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan